Flow Chart ng Proseso ng Lupon para sa mga Apela ng ABC

Naghain ang Nag-aapela ng Abiso ng Pag-apela sa Lupon at sa lahat ng iba pang partido.

Ang lupon ay humihiling ng COD (Certificate of Decision) mula sa Departamento ng ABC.

Kinukumpirma ng Lupon kung napapanahon ang apela (tingnan ang website para sa mga deadline ng apela). Kapag hindi napapanahon ang apela, ito ay madi-dismiss.

Kapag natanggap ang COD mula sa Departamento ng ABC, ang Lupon ay magpapadala ng liham ng pagkilala at ang Departamento ay magpapadala sa nag-aapela ng kahilingan para sa bayad.

Ang nag-aapela ay may 15 araw upang bayaran ang halaga ng rekord sa Departamento ng ABC. Kung ang bayad ay hindi natanggap bago ang takdang petsa, ang apela ay idi-dismiss.

Matatanggap ng Lupon at ng nag-aapela ang rekord mula sa Departamento ng ABC (kabilang ang transcript ng administratibong pagdinig at mga eksibit).

Nagpapadala ang Lupon ng iskedyul ng briefing sa lahat ng partido na may takdang petsa para sa pambungad na maikling pahayag, maikling pahayag ng tugon, at pangwakas na maikling pahayag.

Ang Lupon ay nagtatakda ng apela para sa isang pagdinig at nagpapadala ng petsa at iba pang mga detalye sa lahat ng partido.

Hindi bababa sa 21 araw bago ang pagdinig, ang nag-aapela ay dapat humiling ng oral argument.

Sinusuri ng mga miyembro ng lupon at kawani ang rekord at mga maikling pahayag (brief) at pinag-aaralan ang mga kaso para sa paparating na pagdinig ng lupon.

Sa oral argument, ang mga kaso ay pinagtatalunan sa harap ng Lupon at pinag-uusapan sa saradong sesyon.

Ang mga desisyon ay inilalabas, ipinadadala sa lahat ng partido, at ipino-post sa website ng Lupon.